PAMAHALAANG BAYAN NG LUMBAN
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA–24 NG OKTUBRE, 2011 SA GANAP NA IKA–10:30 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ROLANDO G. UBATAY | --------------- | Tagapangulo ng Sesyon |
| KGG. BELEN B. RAGA | --------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | --------------- | Kagawad |
| KGG. MAMERTA L. LAGROSA | --------------- | Kagawad |
| KGG. DARRYL B. GARCIA | --------------- | Kagawad |
| KGG. ZOSIMO M. LACBAY JR. | --------------- | Kagawad |
| KGG. CATALINA A. DE TORRES | --------------- | Kagawad |
| KGG. LARRY BUTCH P. DE LEON | --------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | --------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | --------------- | Pangulo-ABC |

**DI NAKADALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. REN-REN B. LACBAY | --------------- | Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG. 82 T. 2011**

**KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG PAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PASASALAMAT AT PAGPAPAHALAGA SA PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA KGG. JEORGE "E.R." EJERCITO ESTREGAN, SA PAGSASAGAWA NG LIBRENG DENTAL AND MEDICAL MISSION SA BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NOONG IKA-27 NG SETYEMBRE, 2011.**

**Akda ni : Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT**, noong ika-27 ng Setyembre, 2011, sa kagandahang loob ng butihing Gobernador, Kgg, Jeorge "ER" Ejercito Estregan, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna ay nagsagawa ng libreng dental and medical treatment sa Bayan ng Lumban;

**SAPAGKAT**, sa naturang dental and medical mission ay natulungan ang mga mahihirap na mamamayan ng bayan ng Lumban na kapos sa kakayahang pinansiyal upang ang kani-kanilang mga karamdaman ay mabigyang kalunasan;

**SAPAGKAT**, nararapat lamang na gawaran ng taos- pusong pasasalamat at pagpapahalaga ang Kgg. Gobernador dahilan sa hindi mapapantayang pagmamahal at pagmamalasakit sa mga mamamayan ng Bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino, na pinangalawahan ni Kgg. Mamerta L. Lagrosa, at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINAPASIYA,** na mapitagang ipaabot ang taos-pusong pasasalamat at pagpapahalaga sa **PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA KGG. JEORGE "E.R." EJERCITO ESTREGAN, SA PAGSASAGAWA NG LIBRENG DENTAL AND MEDICAL MISSION SA BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NOONG IKA-27 NG SETYEMBRE, 2011.**

**IPINASIYA PARIN**, na padalhan ng sipi ng kapasiyahan ito ang Punong Lalawigan ng Laguna Kgg. Jeorge E.R. Ejercito Estregan para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY**.

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**ROLANDO G. UBATAY**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**Mggl. WILFREDO Q. PARAISO**
Punumbayan